Mangyaring **isumite ang iyong My Number.**

全国健康保険協会
協会けんぽ

Ipadadala namin ang **Notipikasyon ng Credential Information**

Dahil sa pagsasamahin ang My Number Card at Health Insurance Card, simula sa Disyembre 2, 2024, ang kasalukuyang Health Insurance Card ay papalitan ng My Number Card (Myna Health Insurance Card) na siyang ipinarehistro bilang Health Insurance Card. Upang magamit ang Myna Health Insurance Card, kailangan na iparehistro ang accurate na My Number sa aming asosasyon. Kaya mangyaring magsumite ng application form para sa pagrehistro ng My Number.
Gayundin, ipadadala namin ang credential information para sa Health Insurance, upang mas mapadali para sa mga miyembro na malaman ito.

Sample ng format



1 Mangyaring isumite ang iyong My Number

Dahil sa kailangang malaman kung hindi nakarehistro ang iyong My Number sa Japan Health Insurance Association o kaya naman ay kung tama ba ang My Number na nakarehistro, mangyari na isulat ang mga kinakailangang impormasyon sa kalakip na “My Number Registration Application Form”, at ipadala pabalik gamit ang return envelope. Kung may mga katanungan tungkol sa paraan ng pagsulat, mangyaring tumawag sa telepono sa ibaba.

Contact Information: Eksklusibong numero para sa Japan Health Insurance Association My Number

0570-015-369(Navigation Dial) *Paalala: Maliban sa Sabado, Linggo, Holidays, at simula at katapusan ng taon

*Paalala: Kapag hindi makakontak galing sa IP phone o iba pang telepono, makipag-ugnayan sa sangay ng Japan Health Insurance Association na iyong kinabibilangan.

2 Notipikasyon ng Credential Information

Madaling malalaman ng miyembro ang sarili niyang credential information para sa Health Insurance.

*Paalala: kapag nasira o nawala ang ginupit na credential information, mangyaring mag-submit ng “Application for issuance of credential information” sa sangay ng iyong Japan Health Insurance Association matapos ang Disyembre 2, 2024.

Matapos na isumite ang ‘’My Number Registration Application Form, kumpirmahin ang mga sumusunod na nilalaman.

Paraan ng pagpapatingin matapos ang Disyembre 2, 2024

(Ang ① hanggang ③ ay para lamang sa nakarehistro nang wasto na My Number)

1 Myna Health Insurance Card

Sa pamamagitan ng paggamit ng My Number Card (Myna Insurance Card) na iyong inirehistro bilang health insurance card, mas makapagpapagamot ka nang mabuti ayon sa data na may kaugnayan sa iyong kalusugan at pagpapagamot.

*Paalala:Ang Myna Health Insurance Card ay maaaring gamitin sa mga medical instition na gumagamit ng online credential verification system. Para sa tala ng mga medical institution na gumagamit ng system na ito, tingnan ang website ng Ministry of Health, Labor and Welfare. (I-access sa 2D code na nasa kanan)

2 Myna Health Insurance Card+Myna portal credential information screen (Smartphone)

Kahit na sa mga medical institution na walang credential confirmation system, maaari kang magpatingin sa pamamagitan ng pagpapakita ng Myna portal credential information screen (Smartphone) kasama ang iyong Myna Health Insurance Card.
Para sa impormasyon kung paano makikita ang credential information screen, tingnan ang “Paraan ng pagkumpirma sa credential information sa Myna portal” na nasa ibaba.

3 Notipikasyon sa Myna Health Insurance Card + Credential information

Kung ang iyong medical institution ay walang online credential verification system, at wala ka ring smartphone, maaari pa ring magpatingin kapag ipinakita ang ginupit na notipikasyon ng credential information kasama ang iyong Myna Health Insurance Card.

4 Health Insurance Card

Hindi na mag-i-issue ng bagong health insurance card matapos ang Disyembre 2, 2024 ngunit maaari pa ring gamitin ang kasalukuyang health insurance card hanggang sa Disyembre 2, 2025. Kung nawala ang iyong eligibility sa health insurance dahil sa mga dahilan tulad ng retirement, hindi mo na maaaring gamitin ang iyong insurance simula sa araw matapos ang iyong retirement.

[Iba pa]
Para sa mga taong hindi makagagamit ng Myna Health Insurance Card dahil sa mga dahilan tulad ng hindi pagkakaroon ng My Number Card, maaaring magpatingin gamit ang Credential Verification.

Paraan ng pagkumpirma sa credential information sa Myna portal

(Kung nakarehistro lamang nang wasto)

Kung mayroon kang smartphone, bukod sa maaari mong i-check ang iyong credential information sa health insurance sa credential information screen ng Myna portal, maaari mo rin itong ipakita kasama ang iyong Myna Health Insurance Card upang magpatingin kung ang iyong medical institution ay walang online credential verification system. Kung hindi makapag-login sa Myna portal, maaaring gamitin ang ginupit na notipikasyon ng credential information.

*Paalala: Hindi makukumpirma ang credential information, kung ang My Number na ipinasa sa Health Insurance Association ay kasalukuyang bineberipika, o kaya naman ay hindi pa nagpasa ng My Number sa Japan Health Insurance Association.

Paraan ng pag-login (Kailangang i-download ang app)

1 Ihanda ang My Number Card at I-click ang [Start].

2 I-click ang Register/ Login at mag-login sa My Number portal.

3 Matapos mag-login, I-click ang [Health Insurance Card].

4 Makikita sa Credential Information ang impormasyon ng Health Insurance Card na nakarehistro.